



Thriving in Place
Survey sa Pagtatantiya ng Mga Pangangailangan
ng Komunidad sa Teknolohiya
Phone-Based Technology Survey

Para sa mga nagbibigay ng serbisyo o mga boluntaryo.

Mangyaring gamitin ang script na ito upang pangasiwaan ang survey na Batay sa Telepono. Ang mga tugon sa survey ay maaaring mailagay sa sumusunod na link ng SurveyMonkey:

https://www.surveymonkey.com/r/technologyneeds_Tagalog

Hello, tumatawag po ako mula sa _____. Kung mayroon kayong ilang sandali, nais kung tanungin kayo ng ilang mga katanungan tungkol sa iyong mga pangangailangan sa teknolohiya dahil gusto ho ng City of San Francisco na ikonekta ang bawat residente sa teknolohiya sa pamamagitan ng pag-aalok ng access sa Internet at mga cellphone, laptop, at iba pa.

Ang Thriving in Place (Pag-unlad sa Lugar) ay nagsasagawa ng survey sa buong lungsod para sa Pagtantiya ng Mga Pangangailangan ng Komunidad para maunawaan ang mga hadlang sa teknolohiya at mga pangangailangan ng mga residente ng SF na may mga kapansanan at mas matandang nasa hustong gulang (may edad na 60+) sa panahon ng COVID-19. Ang mga resulta ng pag-aaral ay ibabahagi sa Department of Disability and Aging Services (Kagawaran ng Mga Serbisyo sa May Kapansanan at Matanda, DAS) at sa Mayor's Office on Disability (Opisina ng Alkalde para sa Kapansanan, MOD) bilang bahagi ng Pagtugon sa COVID-19 sa San Francisco.

Pakitandaan na lubos na boluntaryo ang survey na ito at mananatiling kumpidensyal ang lahat ng impormasyong ibibigay mo. Puwede mong laktawan ang anumang tanong na hindi mo gugustuhing sagutan.

Ang survey na ito ay tatagal ng halos 15 minuto upang makumpleto.

Pagkatapos ng survey na ito, aanyayahan ka naming ibahagi ang iyong impormasyon kung nais mong ipasok sa isang raffle upang manalo ng \$ 50 Gift Card. Maaari mo ring ibahagi ang iyong impormasyon kung nais mong mag-participate sa isang Focus Group interbyu.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Thriving in Place (Pag-unlad sa Lugar) at sa proyekto ng Pagtantiya sa Pangangailangan sa Teknolohiya, makipag-ugnayan sa amin sa [**DigitalEquity@tipsf.org**](mailto:DigitalEquity@tipsf.org), tumawag sa **415-593-8129**, o bisitahin kami online [**www.tipsf.org/digital-equity**](http://www.tipsf.org/digital-equity)